{HIndi ba kayo [nagtamasa] sa pagkain at pag-inom na niloob ninyo? Talaga ngang nakakita ako sa Propeta ninyo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang hindi siya nakatatagpo ng mababang uri ng datiles na ipampupuno niya sa tiyan niya.}

Ayon kay An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {HIndi ba kayo [nagtamasa] sa pagkain at pag-inom na niloob ninyo? Talaga ngang nakakita ako sa Propeta ninyo (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang hindi siya nakatatagpo ng mababang uri ng datiles na ipampupuno niya sa tiyan niya.}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Bumabanggit si An-Nu`mān bin Bashīr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) sa mga tao ng tinatamasa nila na biyaya at na sila ay hindi natigil sa pagkain at pag-inom ng kantidad na niloob nila. Pagkatapos nagpabatid siya tungkol sa kalagayan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at na ito ay hindi nakatatagpo noon ng datiles na mababang uri na ipampupuno nito sa tiyan nito laban sa gutom.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4244